



gikan sa

Ispesyal na Isyu 3 | Hulyo 2019
Taon XLIV Blg. 6

an dakulang sulo

Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol

Tatlong Taon ng Neoliberalismo at Pasismo, Tatlong Taong Pasakit sa Tao: Ang Husga ng Sambayanan sa Rehimeng US-Duterte



Nangangalahati na si Duterte sa kanyang termino ngunit wala pa ring maipagmamalaking anumang makabuluhang pagbabago at pag-unlad ang kanyang rehimen. Lalo lamang tumitingkad ang katapatan ni Duterte sa pagpapanatili ng paghahari ng imperyalistang US at lokal na naghaharing-uri. Kasabay ng panunuyo niya sa kapitalistang kapangyarihang

Tsina at Rusya para sa pautang at mga armas, nagpapatuloy ang panghihimasok ng imperyalistang US sa bansa. Sa halip na patatagin ang agrikultura, itaguyod ang pambansang industriyalisasyon at pandayin ang mga pundasyon ng isang nakapagsasariling ekonomya, patuloy na sinusunod ni Duterte ang balangkas ng imperyalistang US sa usapin ng pulitika, ekonomya, militar, kultura at ugnayang panlabas.


Makalipas ang halos apat na dekadang pamamayagpag ng neoliberalismo, inaabot na ng ekonomya ng bansa ang hangganan ng ilusyon ng pag-unlad. Lalong nagiging mahirap para sa rehimeng US-Duterte na ipagtanggol ang pinsalang idinudulot nito sa buhay at kabuhayan ng masa. Kinukumpleto ni Duterte ang mga rekisitos para sa isang pasistang diktadura na susupil sa patuloy na lumalawak na paglaban at umiigting na paniningil ng mamamayan.

Dulot ng tumitinding krisis at panunupil na dinaranas ng masa, mabilis na lumalawak at dumarami ang nagnanais singilin at patalsikin ang inutil at pasistang rehimen.

Sa lahat ng inaaping uri at sektor ng lipunan – mula sa pinakamababang saray hanggang sa pambansang burgesya, lumalakas ang makabayan at progresibong sentimiyentong pabagsakin ang pangkating Duterte.

DUTERTENOMICS: Neoliberal na disenyo ng Imperyalistang US

Ang Dutertenomics ay ang planong pang-ekonomya ng rehimeng US-Duterte na isinasaad sa Ambisyon 2040 at ipinatutupad sa pamamagitan ng Philippine Development Plan (PDP) 2017-2022. Sentral na mga programa sa planong ito ang Build, Build, Build (BBB) project at Comprehensive Tax Reform Package (CTRP). Ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) ang unang pakete ng CTRP. Pasisiglahin umano ng BBB ang imprastruktura sa bansa ng hanggang 90% at matutugunan ang problema ng kawalan ng trabaho. Ang mga proyektong nasa ilalim ng naturang programa ay pupondohan sa pamamagitan ng pangungutang sa mga dayuhan, lokal na malalaking



Saan manggagaling ang pondo ng mapaminsalang

BUILD, BUILD, BUILD PROGRAM?

Ang pondo ng BBB ay manggagaling sa public-private partnership (PPP), official development assistance (ODA) o utang panlabas at kumbinasyon ng dalawa (hybrid PPP). Nagbukas din ang guberno para sa unsolicited proposals o mga planong mula sa mga pribadong entidad. Gayundin, ang buwis mula sa Comprehensive Tax Reform Package (CTRP) tulad ng TRAIN Law ay direktang bahagi ng pondo ng BBB.

Sa iskemang PPP, manggagaling sa pribadong sektor ang pondo para sa pagtatayo ng mga imprastruktura at pagkatapos ay pamamahalaan nila ang mga ito upang mabawi ang puhunan at kumita. Ang ODA naman ay manggagaling sa pautang ng malalaking kapitalistang bansa tulad ng Tsina. Ang utang na ito ay babayaran sa pamamagitan ng buwis ng mamamayan. Sa iskemang hybrid PPP, buwis ng mamamayan ang direktang gagamitin panggastos para sa pagtatayo ng mga imprastruktura samantala ang pamamahala ay muling ipauubaya sa pribadong sektor.

burgesya at mula sa buwis ng mamamayan. Alinsunod dito, isinabatas ng rehimeng US-Duterte ang TRAIN upang pondohan ang mga proyekto ng BBB.

Bagamat nagkaroon ng artipisyal at panandaliang pagsigla ang ekonomya dulot ng mataas na paggastos sa imprastruktura, walang makabuluhan at pangmatagalang epekto ang BBB sa pagpapatatag ng ekonomya ng bansa. Sa kabila ng 75 proyektong nasa ilalim ng BBB, nananatiling pinakamataas sa buong Asya ang tantos ng kawalan ng trabaho sa Pilipinas. Mula 2016 hanggang 2017, nabawasan ng 663,000 ang bilang ng may trabaho. Ito na ang pinakamalaking pagbagsak ng empleyo sa loob ng dalawang dekada. Umabot naman ng 66,000 at naging 4.6 milyon ang bilang ng walang trabaho.

Ang naturang 4.6 milyong bilang ng walang trabaho ay halos doble sa 2.4 milyong bilang ng walang trabaho ayon sa ginagamit na istadistika ng rehimen. Ayon sa pag-aaral na ilinabas ng Ibon Foundation noong 2018, ang tunay na tantos ng disempleyo ay pumapalo ng 10.3% kumpara sa upisyal na datos ng guberno na 5.7% lamang. Ang tantos na ito ay

ILAN SA MGA MAPAMINSALANG PROYECTO SA KABIKULAN


- PNR South Long Haul o Bicol Express: P275 bilyon
- Quezon-Bicol Expressway (Pagbilao - San Fernando – Anayan, Pili, Camarines Sur)
- Camarines Sur-Albay Diversion Road
- Bicol International Airport (Albay)
- Pacol Growth Corridor (Naga Agro-Industrial Park)
- Naga-Pili Circumferential Road (Anayan, Pili, Camarines Sur)
- Bicol River Flood Control and Tourism Project
- Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone (Mpark)
- Filminera Mining
- Matnog Port Development
- Mt. Labo Mining, Unipar at Unidragon

MGA NEOLIBERAL NA PATAKARAN SA KABIKULAN

- Pribatisasyon ng Electric Cooperatives Bicol Lights
- No Settlement Zone at Municipal Zoning Ordinance
- Reklamasyon sa Albay Gulf, Pasacao, Ragay Gulf,
- Commercial Fishing sa Ragay Gulf, San Miguel Bay
- Geothermal Project sa Tiwi, Bacon-Manito (BacMan)



Tantos ng Disempleyo (1956-2018)




Tsart 1. Halaw sa tsart ng Ibon Foundation (2018).

kapantay ng tantos ng disempleyo sa panahon ni Marcos.

Pinalalabas ng rehimeng US-Duterte na mababa ang tantos ng disempleyo sa pamamagitan ng paggamit ng ibang panukat at pagbaluktot ng mga datos. Sa bagong pamamaraan, tanging ang mga Pilipinong walang anumang klaseng trabaho ang kinukunsidera sa istadistika ng disempleyo. Hindi kasabay dito ang mga kontraktwal at iba pang nakararanas ng pleksibilisasyon sa trabaho tulad ng *labor-only contracting* at *piece-raters*. Hindi rin ibinilang ang mga manggagawang agrikultural, manggagawang-bukid, magsasaka at iba pang nakasalig sa sektor ng agrikulturang pana-panahon lamang mayroong trabaho o yaong tinatawag na *seasonal workers*. Gayundin, hindi rin ibinilang ang mga manininda, *ambulant vendors* o manlalako, barker ng mga pampasaherong sasakyan at iba pang bahagi ng impormal na ekonomya na pana-panahon lamang kumikita at walang istableng trabaho. Ginamit din ng rehimeng US-Duterte ang pagpapatupad ng K-12 program na nagdagdag ng dalawang taon sa pormal na edukasyon ng mga kabataan. Bagamat sa batas ay itinatakdang edad na maaaring magtrabaho at bahagi na ng pwersa ng paggawa ang mga 15 taon pataas, sinasamantala ng rehimeng US-Duterte ang teknikalidad na estudyante pa ang mga kabataan at hindi rin sila binibilang sa mga walang trabaho.

Samantala, mayroon namang 6.5 milyong Pilipinong kulang sa trabaho o underemployed.



1 sa 4

**Walang maayos na trabaho
(unemployed at underemployed)**

Sa pinagkumbinang 4.6 milyong walang trabaho at 6.5 milyong kulang ang trabaho, 11.1 milyon o isa sa apat na Pilipinong may kakayahang mag-ambag ng lakas-paggawa ay hindi nabibigyan ng maayos na trabaho.

Ipinagyayabang ng mga teknokrata ni Duterte na mayroon umangong 825,000 bagong trabaho noong 2018. Ngunit, sa likod ng datos na ito ay mayroong 663,000 nawalang trabaho noong 2017. Kung gayon, ang malaking bahagi ng nalikhang trabaho sa taong 2018 ay pamalit lamang sa nawalang trabaho sa mga nakaraang taon. Ang ganitong tantos ng nalilikhang trabaho ang pinakamababang larawan sa paglikha ng empleyo sa lahat ng administrasyon pagkatapos ni Marcos.

Ang krisis sa kawalan ng trabaho sa ilalim ng rehimeng US-Duterte ay higit na masahol pa nga sa dinanas ng bansa sa panahon ng Batas Militar ni Marcos.

Gayundin, ang mga itinatayo at itatayo pang imprastruktura tulad ng dagdag na mga export

PAGTAAS NG PRESYO NG BILIHIN			
PRODUKTO	2017 PRESYO, ABEREYDS	SEPTYEMBRE-DISEMBRE 2018 PRESYO, ABEREYDS	ENERO-HUNYO 2019 PRESYO, ABEREYDS
BIGAS	P30 - P45 /kilo	P50 - P70 /kilo	P50 - P70 /kilo
GALUNGGONG	P90/kilo	P130/kilo	P150/kilo
REPOLYO	P50/kilo	P300/kilo	P280/kilo
KAMATIS	P10/tumpok	P20/tumpok	P25/tumpok
MANOK		P150.00/kilo	P180.00/kilo
BABOY	P200.00/kilo	P300.00/kilo	P280.00/kilo
PRODUKTO	2017 PRESYO, ABEREYDS	AGOSTO 2018 PRESYO	MARSO 2018 PRESYO
DIESEL	P26/litro	P46/litro	P43.04/litro
GASOLINA	P41.33/litro	P59/litro	P52.69/litro
PRODUKTO	2017 INFLATION, ABEREYDS		HULYO-AGOSTO 2018 INFLATION
KARNE	-1.5%		6%
TABAKO			35.0%
INUMIN <small>(BULAK, KAHAYAGAN)</small>			11.0%
KALUSUGAN <small>(SERBISYO SA OSPITAL)</small>			3.8%

Talahanayan 1. Mula sa Datos Hinggil sa TRAIN Law (2018).

enclaves, plantasyon at minahan, kalsada, daungan at paliparan ay magsisilbi lamang sa pangangailangan ng dayuhang pamilihan at ekonomya ng mga kapitalistang bansa. Itutulak at susuportahan nito ang pagpapalit-gamit ng lupa, pagwasak ng mga kabundukan, kagubatan at lupaing ninuno at malawakang pagpapalayas ng mga komunidad.

Habang pinapasan ng taumbayan ang bigat ng pagpopondo sa mga itatayong imprastruktura, papakinabangan ng mga kapitalista at ibubulsa ng mga burukrata ang kita sa operasyon ng mga ito. Sa bisa ng TRAIN, ipinataw ang dagdag na buwis sa mahahalagang kalakal tulad ng langis. Binalikat ng masa ang patung-patong na epekto ng buwis sa konsumo at epekto ng buwis sa langis sa presyo ng mga pangunahing bilihin. Sa rehiyon, pumalo sa 10.1% ang tantos ng implasyon sa huling kwarto ng 2018.

Itinulak din ng Duterteonomics ang ibayong liberalisasyon at pagsandig ng bansa sa importasyon maging ng mga produktong agrikultural. Pinatindi ni Duterte ang pagpasok ng bansa sa mga di-pantay na kasunduan sa kalakalan at binigyang prayoridad ang pagpasa ng mga batas na alinsunod sa dikta ng mga ahensya ng imperyalismo tulad ng World Trade Organization (WTO). Noong Pebrero 2019,

isinabatas ang Republic Act No. 8178 o ang Rice Tariffication Law (RTL).

Sa bisa nito, tinanggal ang kantitatibong restriksyon sa pag-angkat ng bigas kapalit ng pagpataw ng 35% taripa sa mga papasok na bigas sa bansa. Tinanggalan din ng kapangyarihan ang National Food Authority (NFA) sa kontrol ng importasyon ng bigas at nilimitahan ang bolyum ng maaaring bilhin mula sa mga lokal na prodyuser. Malawakang tanggalan ng empleyado rin ang ipatutupad sa naturang ahensya.

Lalong ilinagay ng RTL sa peligro ang soberanya at seguridad sa pagkain ng bansa. Binuksan nito ang lokal na pamilihan sa pagdagsa ng mga inangkat na produkto. Linulumpo

ng naturang batas ang lokal na produksyon ng bigas samantalang hindi nito tinitiyak ang pagbaba ng presyo ng bigas sa pamilihan dahil nananatili ang kontrol ng kartel sa bigas sa suplay at distribusyon nito.

Sa loob ng tatlong taong pagpapatupad ng Duterteonomics, lalong humina ang mga pundasyon ng lokal na ekonomya ng bansa. Sumasalig na lamang ito sa remitans ng mga OFW, eksportasyon ng hilaw na materyales at pag-angkat ng bigas, karne, gulay at iba pang produktong agrikultural. Ipinagpapatuloy lamang at pinapaunlad ng Duterteonomics ang pagpapatupad ng neoliberal na disenyong magluwal ng pinakapaborableng kundisyon para sa pagkamal ng tubo ng mga dayuhang mamumuhunan at bagsakan ng labis na produkto ng mga kapitalistang bansa.

CHARTER CHANGE: Konsolidasyon ng Kapangyarihan at Lubusang Neoliberalismo sa Ekonomya para sa Diktadurang US-Duterte

Isa pa sa mga pinakamasasahol na atake ng rehimen sa mamamayan ang pagtutulak ng pagbabago ng saligang batas ng bansa. Dalawa ang pangunahing layunin ng Charter Change. Una, tuluyang buksan ang ekonomya at soberanya ng bansa sa panghihimasok ng

imperyalistang US. Ikalawa, kumpletuhin ang mga ligal na batayan para sa diktadura ni Duterte at pananatili niya sa kapangyarihan lampas sa kanyang termino.

Noong Disyembre 2018, nakapasa sa kongreso ang Resolution of Both Houses (RBH) 15. Katulad ng mga naunang bersyon nito, tinatanggal ng RBH 15 ang mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan sa mga protektadong larangan tulad ng edukasyon, komunikasyon at pagmamay-ari ng lupa na dating nakasaad sa Konstitusyong 1987. Nakasaad sa RBH 15 ang pagtatanggal sa probisyon hinggil sa pagtatayo ng nagsasariling pambansang ekonomya, regulasyon ng pandaigdigang kalakalan at repormang agraryo. Tinatanggal din ang probisyong naglalaan ng ilang mga propesyon para lamang sa mga Pilipino at ang pagbibigay-prayoridad sa lokal na bahagi sa paggawa.

Isa rin sa mga isinusulong ng Cha-Cha ang pagpapalit ng sistema ng paggugubyrno mula presidensyal tungo sa pederalistang anyo. Sa pamamagitan nito, mailulusot sa transisyon ang dagdag na kapangyarihan para sa pangkating Duterte. Makokonsolida ang kontrol sa pulitika sa iilang burukrata kapitalistang masugid niyang tagasunod. Sa ipinapanukalang RBH 15, tinatanggal na rin ang mga restriksyon sa Konstitusyong 1987 laban sa buu-buong pagbabalik ng diktadura sa pamamagitan ng batas militar, lantarang panunupil sa mga kalayaang sibil at paggamit ng karahasan laban sa mamamayan.

Bago pa man ang tuluyang pagbabago ng konstitusyon, ilinatag na ng rehimeng US-Duterte ang mga pataksil na hakbangin bilang paghahanda rito. Inaprubahan ni Duterte ang ipinasa ng National Economic and Development Authority (NEDA) na 11th Foreign Investment Negative List (FINL). Ang FINL ay listahan ng mga larangan sa ekonomyang may restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari o pamumuhunan. Binawasan ito ng NEDA upang mailusot ang pagbubukas ng mga ito sa dayuhang pamumuhunan.

Inatake rin ng pangkating Duterte ang mga susing kawing ng pamahalaan at tiniyak

ang kontrol nila sa mga ito. Itinulak nila ang militarisasyon ng sibilyang burukrasya at ilinuklok sa mga ahensya ng estado ang mga nagreretirong heneral, upisyal ng militar at tapat niyang tagasunod. Noong Enero, mayroon nang 49 itinalagang upisyal mula sa militar at 19 mula sa pulis sa 46 ahensya ng pamahalaan. Tatlumpu't isa sa kabuuhan 68 na upisyales ang humahawak ng pinakamataas na pusisyon sa ahensyang kinabibilangan nila.

“Garapalang itinataguyod ng militaristang rehimeng US-Duterte ang pasismo at tiraniya sa pamamagitan ng tripleng gera ng Oplan Kapayapaan-Kapanatagan, Oplan Tokhang at Batas Militar.”

Noong Mayo 2018, minaniobra ng mga kaalyado ni Duterte ang pagkakatanggal sa pwesto ni Chief Justice Ma. Lourdes Sereno upang pigilan ang pagdinig ng Korte Suprema sa mga isinampang kaso ng impeachment laban kay Duterte.

Epektibo niyang nakontrol ang mga upisyal ng Korte Suprema sa pamamagitan ng pagpapatampok ng maaaring sapitin ng sinumang sumuway sa direksyong kanyang ilinatag. Hawak na rin ni Duterte ang supermayorya sa Kongreso at Senado matapos buu-buong mailusot sa dinayang eleksyong 2019 ang kanyang mga tapat na alagad.

OPLAN KAPAYAPAAN-KAPANATAGAN, OPLAN TOKHANG AT BATAS MILITAR: Pasistang Atake sa Mamamayan

Garapalang itinataguyod ng militaristang rehimeng US-Duterte ang pasismo at tiraniya sa pamamagitan ng tripleng gera ng Oplan Kapayapaan-Kapanatagan, Oplan Tokhang at Batas Militar. Upang wala nang magprotesta laban sa kabulukan ng gubyrno o kaya ay tumangan ng armas dahil sa kahirapan, ang solusyon ay patayin ang mahihirap at ituring na krimen ang paggigiit ng kanilang mga karapatan.

Pinapaburan niya ang militar at pulis upang matiyak ang katapatan nila sa kanyang gera kontra-mamamayan at pakanang diktadura. Ibinuhos niya ang kabang-bayan sa pagpapalakas at pagpapaunlad ng makinarya ng mersenaryong hukbo. Kabilang sa mga unang ginastusan ni Duterte ang pagdagdag ng tropa, pagtaas ng kanilang sahod at pagbili ng mamahaling kagamitang militar. Samantala, pinalaki ang pondo para sa pagsisinsin ng makinarya sa paniktik para sa pagkontrol ng operasyon ng karibal na organisasyon sa iligal na droga, pagpapakawala ng malakihang

operasyon laban sa mamamayang Moro, at pagtugis sa mga kasapi ng rebolusyonaryong kilusan. Idineklara niya ang mga atas na nagbibigay ng dagdag-pangil sa buu-buong paghahari ng militar at pulis.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, ilinunsad ng rehimen ang isang agresibong gera sa propaganda. Kaakibat nito ang malawakang militarisasyon sa kanayunan at kalunsuran. Tuluy-tuloy na nananalasa ang mga Peace and Development Teams sa mga pamayanan at tumindi ang dalas at bilang ng paglabag sa karapatang tao.

Mayo 2017, habang ang parehong panel ay may inabot nang kaisahan at nasa pag-aaral na nga ng rehimen upang maipinal, tinalikuran ng rehimen ang usapang pangkapayapaan. Tuluyan nitong isinantabi ang pagharap sa sosyo-ekonomikong batayan ng panlipunang krisis at ugat ng tunggalian matapos mabigong ibuslo sa pasipikasyon at kapitulasyon ang CPP-NPA-NDFP bilang rekisito sa pagsusulong ng CASER. Kagyat na pumaling ang rehimen sa pagpapasidhi ng todo-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan, mga progresibo at makabayang organisasyon, mga indibidwal na pinaghihinalaang sumusuporta sa adhikain ng mga ito at sibilyang populasyon. Ilinabas ang PP360 at PP370 huling bahagi ng 2017 at Proscription Petition ng Pebrero 2018. Hindi naglaon, iniwan nito ang mga mapambitag na elemento ng Oplan Kapayapaan at pinakawalan ang pinabagsik at tiranikong panunugis at panunupil sa ilalim ng Oplan Kapanatagan. Itinayo ang sibilyang junta sa pamamagitan ng EO70.

Sa loob ng tatlong taon, ipinatupad ni Duterte ang Oplan Tokhang na diumano'y solusyon sa suliranin sa droga. Pangunahing tinugis nito ang makinarya ng kanyang mga karibal na sindikato sa pagpupuslit at kalakalan ng droga sa bansa. Higit 27,000 mamamayang Pilipino ang pinatay sa ilalim ng madugong kampanyang ito ng Philippine National Police at mga kaugnayang ahensya. Karamihan sa mga ito ay mga gumagamit ng droga o kaya'y namamahala ng maliliitang operasyon ng pagtutulak ng droga. Walang nahuling malalaking *druglord*. Sa halip, personal na idiniin ni Duterte ang mga kalaban sa pulitika sa paglabas ng kanyang sariling narcolist.


Ginamit nitong tuntungan ang terorismo upang mailatag ang makinarya at suporta ng sibilyang burukrasya para sa paglulunsad ng armadong agresyon sa Mindanao. Tatlo ang pangunahing pakay nito

sa pagdedeklara ng Batas Militar sa rehiyon. Una, tuluyang pilayin ang paglaban ng mamamayang Moro at malubos ang pagpasa ng reperendum sa Bangsamoro Organic Law. Pangalawa, pigilan ang lahatang panig na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at pakikipagkaisang lakas nito sa mamamayang Moro. Pangatlo, ilatag at buuhin ang klima para sa pagpapatupad ng pasistang diktadura sa buong bansa. Mahigit sa kalahating milyong mamamayan ng Mindanao ang naging biktima ng walang habas na atakeng militar sa mga komunidad at kaakibat nitong epekto sa kabuhayan.

Ang Husga ng Mamamayan

Sa loob ng tatlong taon, kinukumpleto ng rehimen ng US-Duterte ang mga rekisitos para sa ibayong neoliberal na pandarambong at pasistang diktadura. Iginugol ng kontra-mamamayang rehimen ang mga nagdaang taon sa pagtatakip at paghuhugas-kamay sa ibayong pagbagsak ng ekonomya. Wala itong layuning lutasin ang kahilingan ng sambayanan. Lalong isinadlak ng rehimen ang bayan sa utang at kahirapan, kawalan ng panlipunang serbisyo at katiyakan sa kabuhayan para sa ganansya ng mga malalaking burukrata kapitalista, panginoong maylupa at imperyalista. Sa ganap na pagpapairal ng walang taning na pasistang diktadura, tiyak na didiligin ang lupa ng dugo ng mga biktima ng karahasan at panunupil.

Hinahatulan ng masa si Duterte bilang isa sa mga pinakapahirap, pasista at tutang presidenteng umupo sa pwesto. Ang pagtataguyod niya ng imperyalistang interes at pang-aatake sa mamamayan ang siya ring lalong nagtutulak sa pagbabalikwas ng mamamayan at pagpapabagsak sa kanyang rehimen. ■



Ang Mapanirang BT-GMO RR Corn at ang Mukha ng Malapyudal na Pagsasamantala sa mga Magsasaka sa Maisan: Ang Karanasan ng Bayan ng Tiwasay

“Sa bawat bagong binhi na umuusbong, dadaloy ang tubig na didilig sa uhaw niyang himaymay, ang naimbak na sustansya sa lupa ang magpapalusog sa kanyang katawan na magsisilbing matatag na pundasyon sa pagharap sa anumang darating na unos at kalamidad.”

Isa sa mga hamong kinahaharap ng masang magsasaka sa Kabikulan ang paglaganap ng mga mapanirang kumersyal na binhing ilinalako ng malalaking transnasyunal na kumpanya. Bago ito, nagtatanim na ang mga magsasaka ng niyog, saging, abaka, puting mais at iba pang natural na pananim na nagdadala sa kanila ng tiyak na mapagkukunan ng ikabubuhay. Ngunit, nabago ang lahat nang idinisenyo ng mga transnasyunal na kumpanya at ahensya ng guberno ang pagpapalaganap ng mga hybrid na binhing sumisira sa lupa at kabuhayan ng mga magsasaka. Ipinalalaganap ng mga transnasyunal na kumpanya ang ilusyon ng ‘masaganang ani at kaunlaran sa agrikultura’ sa pamamagitan ng kanilang mga kumersyal na produkto.

Sa karanasan ng Bayan ng Tiwasay at mga karatig bayan nito, isa sa mga hybrid na binhing ipinakilala ng mga transnasyunal na kumpanya ang BT-GMO RR Corn o mas tanyag sa tawag ng masa na Pioneer at Dekalb. Taong 70’s unang ipinakilala ang hybrid na mais sa naturang bayan at naging malaganap ang paggamit dito simula taong 2000.

Ang BT-GMO RR Corn ay isang hybrid na mais na inimbento ng Monsanto, isang transnasyunal na kumpanyang nakatuon sa pagbebenta ng mga input

sa agrikultura. Naglalaman ang BT-GMO RR Corn ng *Bacillus Thurengensis*, isang uri ng bakteryang nagmula sa lupa na nagsisilbing pananggalang mula sa mga insekto at peste sa pananim na mais. Integrado rin sa loob ng binhi ang kemikal na glyphosate na tumitiyak na ligtas ang tanim na mais mula sa pestisidyong laban sa damong tumutubo sa paligid ng pananim. Ilinalako ng mga kumpanyang tulad ng Monsanto, Syngenta at iba pang mga lokal na kumprada ang naturang mga katangian ng BT-RR Corn upang isantabi ng mga magsasaka ang mga tradisyunal at natural na mga pananim.

Sa unang taniman lumikha ito ng ‘milagro’ ng malaking ani. Lubos itong naging kilala sa hanay ng mga magsasaka sa Bayan ng Tiwasay at di kalauna’y tinangkilik na ng iba. Ngunit, kung dati ay lubos na nahumaling ang mga magsasaka sa tanim na ito, habang tumatagal ay napagtanto nila ang disbentahe ng naturang pananim at ang malaking tantos ng pagsasamantala sa kanilang hanay. Nadiskubre nilang ang mga kemikal na nagmumula sa hybrid na mais ay nakasisira ng lupang taniman at sumisimot sa sustansya ng lupang bumubuhay sa iba pa nilang mga pananim. Gayundin, hindi tulad ng mga natural na binhi ng mais, kinakailangan bumili nang bumili ang mga magsasaka ng mga panibagong binhi ng BT-RR Corn dahil sa maigsi nitong buhay.

Isa sa mga namulat sa disbentahe ng hybrid na mais si Ka Lisa, nakapaloob sa organisasyong masa at ganap na kasapi ng Partido. Dalawang dekada ring nagtanim si Ka Lisa ng BT-RR na mais. Sa una, aminado siyang nasilaw siya sa naging milagro at



ganansya mula sa pagtanim ng hybrid na mais ngunit kalaunan ay naging malumbay at matamlay ang kanyang kita hanggang sa mabaon sa utang.

Isa ring kasong aralin ang karanasan ni Tay Amon, isang maralitang magsasaka. Dahil sa paulit-ulit na panlalansi at desperasyon para sa mataas na kita, umabot si Tay Amon sa lampas tatlong dekadang pagtanim ng hybrid na mais. Sa kasamaang palad, tulad ni Ka Lisa, nauwi ang kanyang pag-asa sa pagkakautang, kasabay ng pagkawasak ng dating buhay na sakahan.

Ilan sina Ka Lisa at Tay Amon sa nagpapatotoo sa mapangwasak na katangian ng hybrid na mais na naging sanhi ng patuloy na pagbagsak ng produksyon at pagkasadlak sa kahirapan ng maraming magsasaka. Sa katunayan, sa tatlong sunud-sunod na anihan mula noong Abril 2017 hanggang Abril 2018, dinanas ng mga magsasaka ng Bayan ng Tiwasay ang matinding pagkalugi sa kanilang mga pananim na hybrid na mais.

Kalakhan ng mga magsasaka ng Bayan ng Tiwasay ay napipilitang patuloy na magtanim ng hybrid na mais sa kabila ng mga disbentahe nito dahil ito ang ginagamit na garantiya para muling pautangin ng mga usurero. Dulot nito, lubhang nalulunod sa utang ang mga magsasaka. Samantala, ang kakarampot na serbisyo ng mga pribadong kumpanya sa insurance at mga programang pang-agrikultura ng gubyrerno ay kiling at nagsisilbi lamang sa iilang mga magsasakang mayroong hawak ng titulo at mayroong kakayahang magparehistro ng kanilang pananim.

Ang kalunus-lunos na kalagayang ito ng mga magsasaka ang dinatnan ng Pulang Hukbo nang saklawin ng pagkilos nito ang Bayan ng Tiwasay. Dahil dito, tuluy-tuloy na nagsikap ang mga kasama na pahasayin ang teorya at praktika sa produksyon ng mais sa Bayan ng Tiwasay at iba pang katabing bayan.

Ibinunga ng mahabang panahon ng pag-aaral at pagsasalang sa praktika ang solusyong i-transporma ang mga sakahan tungo sa natural at ligtas na pagsasaka para sa ligtas na pagkain at panegurong kabuhayan ng mga magsasaka. Ito ang titiyak na magkakaroon ng sustenableng mapagkukunan at seguridad sa kabuhayan at pagkain ang mga magsasaka. Kasabay ng pagtutulak nito ang tuluy-tuloy na pagpapatupad ng Rebolusyong Agraryo sa lugar.

Sa unang sikad, napagtagumpayan ng mga kasama at masang mawakasan ang kontrol sa pag-aari sa lupa na siyang pangunahing nilalaman ng Rebolusyong Agraryo. Sa kasalukuyan, ang pinagkukunutan ng

noo ng mga kasama at ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa lugar ang pagpapalaya sa enerhiya ng magsasaka sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos para itaas ang produksyon tungo sa kapakinabangan ng pamilya, komunidad at rebolusyon. Batid ng kilusan na hindi ito magaganap sa isang iglap. Mahalaga ang ibayong pagpupunyagi at pagiging mapangahas upang yakapin ito ng masa hanggang magluwal ng higit pang malalaking tagumpay na tatahi sa paglakas ng baseng masa at armadong pakikibaka.

Bilang mga panimulang hakbangin, pinag-aralan ng Pulang Hukbo ang sistema ng buhay at hanapbuhay ng mga tao sa baryo. Nakipagtalakayan ang mga kasama sa mga magsasaka tungkol sa mas ligtas na paraan ng pagsasaka, nagbahaginan ng mga karanasan sa tradisyunal na pagtanim at nagtuwangan sa aktwal na paglalapat ng mga aral tungo sa mas produktibong taniman na hindi nakaasa sa kontrol ng kapitalista.

“Marapat lamang na itanim natin sa ating kaibuturan ang kapasahang lumaban. Mula sa ating itinanim ay mayroon tayong paghuhugutan ng lakas ng rebolusyon.”

Nagkaroon din ng pagsisikap ang Pulang Hukbo at masa na magkaroon ng isang komunal na sakahang mayroong iba’t ibang klase ng tanim gamit ang Diversified Integrated Farming System (DIFS). Ang DIFS ay dati nang bunga ng mga pagsisikap ng mga kasamang paunlarin ang syensya ng pagsasaka.

Sa kabila ng mga pagsubok tulad ng kakulangan sa rekurso at matinding pananalakay ng kaaway, tuluy-tuloy pa rin ang paghimok at mga mapanghikayat na programang nagpapakita ng kongkretong resulta sa bawat araw, buwan at taon na lumilipas hanggang sa tuluyang itakwil ng masa ang madamot o ‘mauring’ BT-GMO RR Corn at ang malapyudal na sistema ng pagtanim na itinuro ng kapitalista.

Ayon kay Ka Jona, ang pampulitikang giya ng yunit ng hukbo sa Bayan ng Tiwasay,

“Dapat ay hindi kailanman mahiwalay sa produksyon ang uring magsasaka at ang kanilang Pulang hukbo. Ang pagpapaunlad nito at ang pagpapalaya ng lupa sa kamay ng naghaharing-uri ang siyang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon bayan. Susing kawing ang Rebolusyong Agraryo para maorganisa, mahamig at lumahok ang malawak na masa sa rebolusyon tungo sa pagwawakas sa dayuhang kontrol sa ating agrikultura. Marapat lamang na itanim natin sa ating kaibuturan ang kapasahang lumaban. Mula sa ating itinanim ay mayroon tayong paghuhugutan ng lakas ng rebolusyon.” ■


Ang Lumulubhang Kalagayan ng Paggawa sa Ilalim ng Rehimeng US-Duterte

Yinuyurakan ng rehimeng US-Duterte ang mga saligang karapatan ng manggagawa sa pamamagitan ng mga pinakamalulupit na neoliberal na mga patakaran. Layunin nitong patindihin ang pagpiga sa lakas-paggawa at makapagkamal ng labis na tubo para sa dayuhang monopolyo kapital at mga lokal nitong tagapagtaguyod.

Sang-ayon sa disenyo ng imperyalistang US at ng naghaharing uring malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa, iwinawasiwas ng rehimen ang lantarang pasismo at terorismo upang supilin ang sumusulong na kilusang paggawa. Layunin nitong sagkaan ang proletaryong pamumuno sa lumalawak na pakikibakang masa laban sa pasista, tirano at neoliberal na rehimen.

Neoliberal at Pasistang Atake laban sa Manggagawa

Pinananatili ang bansa bilang balon ng murang lakas-paggawa. Dulot nito, patuloy na kinakaharap ng mga manggagawa ang napakababang sahod, laganap na kontraktwalisasyon at iba



pang iskemang pleksibilisasyon sa paggawa, malawakang tanggalan at walang-kapantay na antas ng disempleyo. Pinalulubha ang kundisyong ito ng mga patakarang paghihigpit tulad ng lumalalang epekto ng dagdag na pasaning buwis, mataas na presyo ng bilihin at pagkakait ng estado sa libre at maayos na serbisyong panlipunan. Sa kabilang banda, pinaiinam ang mga kundisyon sa pagnenegosyo at pamumuhunan sa bansa.

Higit pang nalulumpo ang lokal na pwersa ng produksyon. Dahil nananatiling atrasado ang agrikultura at walang industriyalisasyon, humina ang kakayanan ng ekonomya na makalikha ng trabaho. Dinaranas ng mamamayan ang walang-kapantay na disempleyo sa kabila ng mga ipinaparadang programa tulad ng Build, Build, Build (BBB) at pagpasok ng mga dayuhang pamumuhunan na umano ay lilikha ng trabaho. Ayon sa datos ng IBON Foundation, may kabuuhanang 11.5 milyon ang wala o kulang ng trabaho. Pinakaapektado ang sektor ng agrikultura dahil sa malawak na pagpapalit-gamit ng lupa para sa BBB at lubusang liberalisasyon. Ngayong taon, inaasahan ang matinding epekto ng Rice Tariffication Law sa sektor ng agrikultura. Tinalikuran ng estado ang pagsuporta sa agrikultura sang-ayon sa dikta ng imperyalistang ahensyang World Trade Organization. Sinasamantala ng mga kapitalista ang ganitong kalagayan upang ibayong gipitin ang masang manggagawa. Bunga nito, inaasahang madaragdagan pa ang 1.687 milyong trabahong nawala sa ilalim ng rehimen.

Ibayong ipinalaganap ni Duterte ang pinakamasasahol na porma ng pleksibilisasyon sa paggawa pangunahin ang kontraktwalisasyon. Sa pag-aaral ng IBON, lumilitaw na patuloy ang mabilis na paglobo ng bilang ng mga kontraktwal mula 24.4 milyon noong 2017 tungong 30 milyon sa kasalukuyan, at tiyak pa itong madaragdagan hatid ng mga hakbanging nagtataguyod ng kaayusang kontraktwal. Ibinaba ang mga huwad na kautusang DOLE Department Order No 174 at Executive Order No. 51 sa tabing ng regularisasyon. Subalit ipinapasa lamang ng mga ito sa mga kontraktor o third-party agencies ang ligal na obligasyon sa mga manggagawa habang inaabsuwelto ang pangunahing employer sa kanyang tuwirang responsibilidad. Nakaamba ring ipasa sa Kongreso ang panukalang Alternative Working Arrangement Bill na mag-iinstitusyunalisa sa iba pang mga anyo ng pleksibilidad sa paggawa. Layunin nito ang lubusin pa ang pagkamal ng tubo

sa pamamagitan ng pagpapabilis sa produksyon sa pinakamatipid na pamamaraan tulad ng di-makatarungang oras at bigat ng trabaho.

Ang iskemang kontraktwalisasyon at iba pang neoliberal na pakana ay nakatuon upang itali ang manggagawa sa sahurang pang-aalipin at pahinain ang kanilang kolektibong lakas. Sa kabila ng tumataas na produktibidad sa paggawa at ibinabanderang pagsigla umano ng ekonomya, tahasan pa ring ipinagkakait sa masang manggagawa ang kanilang karapatan sa nakabubuhay na sahod . Hindi nakasasapat ang tinatanggap na sahod ng manggagawa kumpara sa halagang kinakailangan para tustusan ang arawang pangangailangan ng kanyang pamilya o family living wage. Higit ang epekto nito sa mga mahihirap na rehiyon tulad ng Kabikulan na pinapatawan ng napakababang sahod sang-ayon sa arbitraryo at di-makatarungang

R.A 6727 o Wage Rationalization Act . Nagbibingi-bingihan ang rehimen sa panawagang ibalik ang pambansang minimum na

sahod at sa halip, nagkakasya sa pagmanipula ng mga estadistika upang palabasing lumiliit ang bilang ng mahihirap upang bigyang-matwid ang pagpapanatili ng kasalukuyang antas ng sahod.

Sa harap ng napakababang sahod, ipinapataw pa ng rehimen ang mga patakarang ibayong nagpapadausdos sa kabuhayan. Bukod sa TRAIN Law, binabaan pa ang badyet ng gubyrno sa serbisyong panlipunan at sa halip, pinatawan pa ng dagdag-singil sa mga ito, tulad ng kontribusyon sa SSS at PAG-IBIG. Ipinasa nito ang Universal Healthcare Act sa layuning patindihin pa ang pribatisasyon sa kalusugan.

Sa sektor ng manupaktura, malayang nakapagpapatupad ng mga mapagsamantalang kundisyon sa paggawa ang mga dayuhang kumpanya sa mga special economic zone. Bulnerable ang mga manggagawa sa serbisyo tulad ng mga call center agents sa mga paglabag sa iba't ibang istandard sa paggawa. Patuloy ring hinahagupit ang mga manggagawa sa transportasyon ng nagpapatuloy na korporatisasyon sa sektor hatid ng *transport modernization* at *jeepney phaseout*.

Sa mga plantasyon at pabrika sa pagproseso ng mga agrikultural na produkto, umiiral ang mga kaayusang tulad ng pakyawan kung saan di-makatao at labis na pinagtatrabaho ang mga manggagawa sa sahod na mas mababa pa sa minimum. Malawakan ang tanggapan sa pampublikong sektor habang pinapapasan ang

dobleng trabaho sa mga natitirang kawani nito. Hindi rin dinidinig ang kanilang mga panawagan para sa umento sa sweldo.

Patunay ang 130 notice of strike sa lumalalang kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng rehimen. Ayon sa Kilusang Mayo Uno, kalakhan sa mga ilinulunsad na strike ay bunga ng hindi pagpapatupad ng mga kautusan sa regularisasyon at kaligtasan ng mga manggagawa, iligal na pagtatanggal sa trabaho, paglabag sa minimum na sahod, pambubuwig sa mga unyon at iba pang di-makatarungang patakaran at kaayusan sa paggawa.

Sa halip na papanagutin ang mga kapitalista sa paglapastangan sa karapatan ng manggagawa, pasista at teroristang karahasan ang naging katugunan ng rehimen sa lumalawak na pakikibaka ng manggagawa upang igiit ang kanilang

demokratikong karapatan. Lantarang

sinusupil ang pagbubuo ng mga

unyon at paglulunsad ng

welga gamit ang banta ng

pansisisante, pandarahas

at pamamaslang. Kimi

at walang pangil ang

rehimen sa libu-libong

manggagawang tinanggal

bunga ng paggigiit ng kanilang

karapatan sa regular na trabaho. Sa halip, ipinarada pa nito ang kanyang militar at pulis upang marahas na buwagin ang mga pagkilos. Tampok dito ang mararahas na dispersal sa NutriAsia, Sumifru, PLDT, Coca-Cola, Jollibee Foods Corporation at Middleby. Sa halip na itaguyod ang welga at mga strike bilang karapatan, ipinapanukala itong ituring na isang teroristang hakbangin sa ilalim ng Human Security Act of 2007.

Noong Enero 10, pormal na ilinunsad ng AFP at PNP ang Oplan Kapanatagan bilang panibagong kontra-insurhensyang programa ng rehimen upang patuloy na maging katuwang ng Oplan Tokhang at umiiral na batas militar. Bahagi ng Kapanatagan ang malaganap na crackdown, panunugis at operasyong ala-Tokhang laban sa hayag at demokratikong kilusan. Kabilang dito ang pagpasok ng AFP sa mga enklabo ng paggawa bilang bahagi ng estratehiyang whole-of-nation-approach kung saan ipapailalim sa pagsasanay militar ang mga manggagawa sa engklabo. Gagamitin ito ng militar upang magsagawa ng mga operasyong saywar at paniniktik sa loob ng mga pagawaan at siraan ang rebolusyonaryong kilusan.

Hindi lingid sa manggagawang Bikolano ang pangangailangang makiisa sa sumusulong na kilusang paggawa. Ang P310 minimum wage sa rehiyon ay isa sa pinakamababa sa buong bansa. Laganap din sa rehiyon ang mga matitingkad na halimbawa ng pang-aabusu. Mababa pa sa minimum ang tinatanggap ng mga manggagawa

"Hindi lingid sa manggagawang Bikolano ang pangangailangang makiisa sa sumusulong na kilusang paggawa."



sa Peter Paul sa prubinsya ng Sorsogon sa kabila ng libu-libong niyog na pinoproseso nila sa umiiral na kaayusang pakyawan. Matingkad din ang laban ng mga empleyado ng Albay Electric Cooperative (ALECO) at Camarines Sur Electric Cooperative (CASURECO) laban sa pribatisasyon ng kanilang mga kooperatiba. Sa Gaisano Mall Legazpi, iginigiit ng mga kontraktwal na maibalik sa kanila ang iligal na kaltas at mga benepisyong tinangay ng kanilang recruitment agency. Isa rin ang rehiyon sa naglulunsad ng mga pinakamalalawak na transport strike sa buong bansa.

Tiyak pang titindi ang pambubusabos at pang-aabuso matapos lubos na makontrol ni Duterte ang reaksyunaryong guberno. Pangunahin sa adyenda nito ay ang pagtutulak ng Cha-Cha kung saan isa sa mga tampok na susog ang pag-aalis ng mga probisyong nagtatanggol sa mga saligang karapatan ng manggagawa kapalit ang mga probisyong nakadisenyo sa pagpapalaki ng tubo at negosyo.

Ibayong Isulong ang Kilusang Paggawa laban sa Pasista at Tiranikong Rehimeng US-Duterte! Panghawakan ang Proletaryong Pamumuno Sa Armadong Rebolusyon!

Sa ilalim ng papatinding neoliberal at pasistang atake ng rehimeng US-Duterte, wastong sumasalig ang uring manggagawa sa kanilang kolektibo at militanteng lakas. Sa bawat panig

ng bansa, patuloy na nakapagkakamit ng mga inisyal na tagumpay ang masang manggagawa sa walang humpay nitong paglulunsad ng mga welga, strike at protesta upang igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan. Hamon sa kanila ang ibayong palakasin ang kanilang hanay at makipagbuklod sa umiigting na rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan na sa kasalukuyan ay nakatuon sa paghihiwalay, paglaban at pagpapabagsak sa pasista at teroristang rehimeng US-Duterte.

Sa harap ng umiigting na karahasan ng rehimen, mapangahas na pinapataas ng manggagawa ang kanilang kamulatan at kapasuhan. Mula sa kanilang hanay, umuusbong ang mga abanteng aktibistang unyunista at tumutungo sa iba pang mga pabrika, enklabo at empresa upang magsagawa ng edukasyon at propaganda at itransporma ang mga ito bilang mga sentro ng aktibismo.

Ibayo silang nagbubuo at nagpapalawak ng libu-libong mga unyon at samahang manggagawa at patuloy na naglulunsad ng mga mapangahas na pakikibaka upang papanagutin ang imperyalistang US, ang pangkating Duterte at ang lokal na naghaharing uri sa pambubusabos at panunupil sa mamamayan. Mapangahas nilang ilinalantad ang mga neoliberal at pasistang hakbanging sumusupil sa kanilang mga demokratiko at makabayang karapatan. Ilinalantad din nila ang teroristang karahasan ng AFP at PNP sa ilalim ng ilinulunsad na gerang mapanupil ni Duterte.

Marapat na itaguyod ng masang manggagawa ang pinakamalapad na pagkakaisa at maging muog sa lumalawak na pakikibakang anti-pasista ng sambayanan. Dapat silang makipagbuklod sa masang magsasaka sa kanayunan na naglulunsad ng mga pakikibakang antipyudal at linalabanan sa pasistang pananalasa sa mga komunidad.

Upang lubusang maisulong ang kanilang interes, dapat silang sumapi sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang tunay na partido ng uring proletaryado. Lumahok sa armadong pakikibaka bilang mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan upang durugin ang armadong galamay ng reaksyunaryong estado. Bilang pinakaabanteng destakamento ng uring proletaryado, pinamumunuan ng PKP ang armadong rebolusyonaryong paglaban upang mapabagsak ang paghahari ng imperyalismong US, at ng uring mapang-api at mapagsamantala at itayo ang isang lipunang tunay na nagsisilbi sa interes ng mamamayan. ■

PLEKSIBILISASYON SA PAGGAWA

Higit pang pagpiga sa labis na halaga ng manggagawa sa pamamagitan ng pinabilis na produksyon sa pinakamatipid na paraan.



a. **Multi-skilling** – Sa pamamaraang ito, ipinapagawa sa isang empleyado ang iba pang mga trabahong wala sa katangian ng kanyang empleyo nang walang dagdag-bayad. Halimbawa, isang security guard na gumagampan ding serbidor. Ginagawa ito upang makatipid sa bilang ng empleyadong kinakailangan bayaran ang mga kapitalista.

b. **Broken time** – Ito ang sapilitang pagpapataw ng break sa mga empleyado nang walang bayad.

c. **Compressed workweek** – Sa iskemang ito, isinisiksik sa ilang araw ang trabaho nang hindi binabayaran ang dagdag-oras na ilinalaan ng mga manggagawa. Halimbawa, ang dating limang-araw na pasok kung saan nagtatrabaho ang mga manggagawa ng walong oras ay magiging apat na araw na may tig-sasampu hanggang labing-dalawang oras ng trabaho. Ngunit, hindi babayaran ang mga manggagawa sa oras na kanilang iginugol sa paggawa kundi sa araw na kanilang ipinasok kaya apat na araw na lamang ang kinakailangang bayaran ng mga kapitalista.

d. **Piece-raters** - Kilala rin sa tawag na Pakyawan. Ito ang pagbayad sa lakas-paggawa ng mga manggagawa batay sa kantidad ng produktong ipoproseso at paggawang kinakailangan nang walang pagsasaalang-alang sa bigat ng trabaho at oras na igugugol. Halimbawa, sa mga manggagawa ng handikrap, mananatiling P300 ang kontrata sa paggawa ng 50 basket abutin man ang paggawa nito ng ilang araw o oras.

e. **Subcontracting** - Ito ang pagkontrata sa mga recruitment agencies para sa kinakailangang lakas-paggawa. Sa ganitong paraan, nawawalan ng direktang pananagutan ang employer sa kanyang mga empleyado. Hindi rin kinakailangang magbigaynginsentibo o dagdag-sahod ang employer dahil dati nang nakasaad sa kontrata sa pagitan ng employer at recruitment agency ang sahod ng mga manggagawa.

f. **Labor-only contracting** - Sa ganitong iskema, walang ugnayang employer-employee ang mga manggagawa at kapitalistang nagbabayad ng kanilang lakas-paggawa. Walang anumang pananagutan ang kapitalista sa mga manggagawa at hindi tatamasain ng mga trabahador ang mga karapatan at benepisyong karaniwang ibinibigay sa mga obrero.

g. **Flexi-time** - Ang mapanlinlang na sistemang ito ay nagbibigay-laya umano sa mga manggagawa na pumasok anumang oras nilang naisin hanggat napupunuan nila ang kabuuang oras ng paggawang hinihingi mula sa kanila. Gayunpaman, wala itong pagtatangi sa klase ng oras na ibinigay ng manggagawa. Halimbawa, walang dagdag na bayad ang pagpasok ng gabi na sa karaniwan ay dapat mayroong night differential.



h. **Job Order** - Kahalintulad ito ng labor-only contracting dahil walang ugnayang employer-employee ang manggagawa at kapitalista. Kukuha lamang ang kapitalista ng manggagawa batay sa pangangailangan niya nang walang pagsasaalang-alang sa mga karapatan ng empleyadong dapat ay ibinibigay niya. Sa ganitong iskema, nawawalan ng karapatan ang mga manggagawa na mag-uryon dahil sa kabila ng kanilang paggawa, batay sa teknikalidad, sila ay hindi manggagawa ng anumang entidad.

Ipagbunyi ang Lumalawak na Makabayang Diwa

Pahayag ni Ka Ma Roja Banua, Tagapagsalita ng NDF-Bikol
Hunyo 19, 2019

Dapat na ipagbunyi ng sambayanang Pilipino ang panibagong bugso na diwang makabayan dulot ng pandarahas ng mga Tsino sa mga mangingisdang Pilipino sa Recto Bank ng West Philippine Sea. Marapat at matuwid ang pagturing sa dayuhang panghihimasok at pandarambong bilang pangunahing banta sa ating bansa.

Patuloy na isinusuko ng rehimeng US-Duterte ang soberanya at patrimonya ng bansa. Wala itong kakayahang ipagtanggol ang bansa laban sa mga dayuhan. Walang maipagmamalaking armadong pwersa ang bansa kung kaya't usapin lamang ng basura ang kaya nito ipaggitgitan. Sa halip na palakasin ang kapasidad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa dayuhang panghihimasok, nakatuon ang buong lakas nito sa paniniktik, pandarahas at panunupil ng mamamayan. Walang ibang kakayaning bigwasan ang AFP-PNP-CAFGU kundi ang walang kalaban-labang sibilyang populasyon ng bansa. Kung anong bangis nito sa masang Pilipino ay siya namang paninikluhod nito sa harap ng mas malakas na kapangyarihang militar at ekonomya ng Tsina. Sa kabilang banda, nagkakandarapa ito sa paglalalatag ng pasistang diktadura sa bansa upang masiguro ang ayudang militar ng imperyalistang US.

Nagkakaisa ang US at Tsina sa pandarambong sa Pilipinas. Kapalaluan ang sinasabi ni Duterteng magiging mitsa ng digmaang nukleyar ang paglaban ng bansa sa Tsina. Kung lulusawin ng mga imperyalista ang mundo, walang hilaw na materyales na maaring pagtubuan para sa kanilang labis na produksyon, walang mangyayaring trade war o gera sa kalakalan kung wala silang pagbabagsakan ng kanilang produkto at kung magkagayon walang pakinabang ang pagpapalawak ng teritoryo. Higit sa lahat, wala sa bokabularyo ng mga imperyalista ang tunay na pagtatanggol sa inaapi. Kolateral lamang ang Pilipinas sa kanilang tunggalian sa kapangyarihan at pusisyon. Ang sandatang nukleyar ng mga imperyalista ay

pangontra lamang laban sa atakeng nukleyar sa isa't isa at ang tanging nakikinabang dito ay ang imperyalistang industriya at pinansya sa gera.

Di ba't walang ginawang pagtutol ang US sa pang-aagaw ng isla at pagtatayo ng baseng militar ng Tsina sa West Philippine Sea? Anong armas nukleyar ang iuumang ng gubyernong Duterte sa Tsina?

Pataksil na itinutulak ng rehimeng US-Duterte ang Charter Change para alisin ang mga restriksyon ng Saligang Batas sa buu-buong dayuhang panghihimasok sa ekonomya at larangang militar. Aanhin ng US ang kapiranggot na isla sa WPS kung kaya nitong kontrolin ang buong Pilipinas?

Napatunayan sa kasaysayan ang kakayahan ng sambayanang Pilipinong bumangon at ipagtanggol ang Inang Bayan. Napatunayan din sa kasaysayan ang pagtataksil ng mga naghaharing uri sa bayan upang isulong ang kanilang interes. Higit na kinatatakutan ni Duterte ang bilyong kurakot na mawawala mula sa mga proyektong pinopondohan ng Tsina.

Ang rebolusyong Pilipinong ipinagpapatuloy ng CPP-NPA-NDFP laban sa imperyalistang dayuhan at mga kasapakat nitong naghaharing uri ay higit na lalakas at lalawak sa paglahok ng mga makabayang Pilipino sa digma ng pagpapalaya. Tinitipon nito ang lakas ng nagkakaisang hanay ng mamamayan upang ituon sa tunay na

kalaban ng mamamayang

Pilipino ang lakas ng pagbalikwas—ang mga imperyalistang dayuhan at kanilang mga tuta.

Walang aasahan ang masang Pilipino sa rehimeng US-Duterte na ipagtanggol ang Inang Bayan at kanyang mamamayan. Patuloy itong maninikluhod sa mga imperyalista't isasantabi ang interes ng sambayanang Pilipino hangga't nabubuhong ito sa kapangyarihan at pagpapakapal ng kanyang balsa mula sa korapsyon at ilegal na droga.■

